

ALLOGENEIC NA TRANSPLANT: PAGHAHANAP NG DONOR

Sa isang allogeneic na transplant ay gumagamit ng mga malusog na selyula sa pagbuo ng dugo na donasyon ng ibang tao upang mapalitan ang iyong mga hindi malusog na selyula sa pagbuo ng dugo. Makakatulong sa iyo sa paggawa ng ipinabatid na medikal na pasya ang karagdagang kaalaman tungkol sa paraan ng paghahanap ng mga doktor ng mga pinakamainam na donor.

MAGPATULOY SA PAGBABASA UPANG MATUTO TUNGKOL SA:

- Pinagmumulan ng mga malusog na selyula sa pagbuo ng dugo
- HLA matching
- Paano humahanap ng donor ang mga doktor
- Paano mapupunta sa iyo ang mga binigay na selyula sa pagbuo ng dugo
- Mga dapat itanong sa iyong doktor

PINAGMULAN NG MGA MALUSOG NA SELYULA SA PAGBUO NG DUGO

Kapag kailangan mo ng allogeneic na transplant, ang iyong mga malusog na selyula sa pagbuo ng dugo ay maaaring magmula sa:

- Isang donor, na maaaring sinuman sa sumusunod:
 - Isang tao sa iyong pamilya, na pinakamalamang na isang kapatid na lalaki o babae
 - Isang nasa hustong gulang na walang kaugnayan sa iyo at nagboluntaryo na maging donor para sa sinumang nangangailangan
- Dugo ng umbilical cord, ang dugong nakukuha mula sa umbilical cord at placenta pagkatapos ipanganak ang isang sanggol. Ang mga selyulang ito ay pinakakaraniwang mula sa isang pampublikong cord blood bank (mula sa isang sanggol na walang kaugnayan sa iyo), ngunit kung minsan, maaaring isang sanggol mula sa iyong pamilya.

Kung ang iyong mga selyula ay mula sa isang donor, maaaring hilingin ng iyong doktor ang tao na mag-donate ng alinman sa sumusunod:

- Bone marrow: Ang malambot at parang sponge na tissue sa loob ng mga buto
- Mga peripheral blood stem cell (PBSC): Mga selyula sa pagbuo ng dugo mula sa daluyan ng dugo

HLA MATCHING AT BAKIT ITO MAHALAGA

Ang ibig sabihin ng HLA ay human leukocyte antigens. Ang HLA ay mga protina - o marker - sa karamihan ng mga selyula sa iyong katawan. Mas kumplikado ang HLA matching kumpara sa blood typing. Ginagamit ng iyong immune system ang mga marker na ito upang makilala kung aling mga selyula ang nabibilang sa iyong katawan at alin ang hindi.

Mahalagang makahanap ng donor na malapit ang tugma sa iyong HLA dahil:

- Pinapataas nito ang pagkakaroon ng matagumpay na transplant
- Nakakatulong ito sa pag-engraft (paglaki at paggawa ng mga bagong selyula ng dugo sa iyong katawan) ng mga selyula mula sa donor
- Pinapababa nito ang panganib ng graft-versus-host disease (GVHD). Nangyayari ang GVHD kapag inaatake ng mga selyula galing sa donor (ang graft) ang mga selyula ng tumanggap dito (ang host).

PAANO HUMAHANAP NG DONOR ANG MGA DOKTOR

Karaniwan, maghahanap muna ang iyong doktor sa transplant ng katugmang donor sa iyong pamilya. Kung makahanap ang iyong doktor ng katugma sa iyong pamilya, karaniwan itong kapatid na lalaki o babae. Ito ay dahil namana ninyo ang kalahati ng HLA mula sa inyong ina at kalahati mula sa inyong ama. Ang bawat kapatid na katulad mo ang magulang ay may 25% tsansa (1 sa 4) na maging katugma mo. Ang mga tiya, tiyo at pinsan ay bihira na maging katugma.

Upang matiyak na walang posibleng donor ang hindi masusuri, maaari ding suriin ng iyong doktor ang iyong mga magulang at anak upang malaman kung magkatugma kayo. Maliit ang posibilidad na maging katugma mo ang iyong mga magulang o anak, gayunpaman, maaari silang maging kalahating katugma, o haploidentical match.

Hindi mo responsibilidad ang paghahanap ng donor

Humigit-kumulang 70% (7 sa 10) pasyente na nangangailangan ng transplant ang walang malapit na katugmang donor sa kanilang pamilya. Kung wala kang malapit na katugma sa inyong pamilya, maghahanap ang iyong doktor sa Be The Match Registry® upang makakita ng katugmang hindi nauugnay na donor o blood unit ng umbilical cord para sa iyo.

Naghahanap ang mga doktor sa mahigit 24.5 milyong potensyal na nasa hustong gulang na donor at mahigit 622,000 blood unit ng cord sa United States (U.S.) at mga pandaigdigang registry.

HINDI MABILIS MAKAHANAP NG DONOR

Karaniwan, inaabot ng humigit-kumulang 3 buwan mula sa pagsisimula ng paghahanap hanggang sa araw ng transplant. Kung naghahanap ang iyong doktor ng blood unit ng cord, maaari itong tumagal ng ilang linggo. Para sa ilang pasyente, walang nakikitang malapit na katugmang donor o blood unit ng cord ang nakikita. Kung mangyayari ito, maghahanap ang iyong doktor ng ibang opsyon sa paggamot para sa iyo.

Habang naghahanap ng donor o blood unit ng cord ang iyong doktor sa transplant, patuloy kang makakatanggap ng pangangalaga at gagamutin ka para sa iyong sakit. Mahalagang ibuhos mo at ng iyong pamilya ang inyong lakas sa pangangalaga sa iyong sarili. Ang iyong pangkat sa transplant ang mag-aasikaso sa lahat ng bahagi ng paghahanap, at papanatilihin nilang napapanahon ka sa progreso nito.

Kapag nakakita ng posibleng katugma at natiyak ang pagsusuri dito, susuriin din ang donor para sa mga kundisyong medikal upang matiyak na ang donasyon ay ligtas para sa iyo at sa donor. Ilang beses na susuriin ang mga donor para sa mga nakakahawang sakit. Susuriin din ang mga sample ng dugo ng mga buntis na gustong magboluntaryong i-donate ang dugo ng umbilical cord ng kanilang sanggol bago i-freeze at iimbak ang blood unit ng cord.

PAGTANGGAP NG MGA DONASYONG SELYULA

Kung ang iyong mga selyula ay mula sa hindi nauugnay na donor, ipapadala ang mga ito sa iyong transplant center sa pamamagitan ng isang sanay na courier. Ang iyong mga selyula ay maaaring magmula sa ibang bahagi ng U.S. o sa ibang bansa. Makikipag-koordina ang may karanasang kawani ng Be The Match® ang pagpapadala ng iyong mga donasyong selyula at titiyakin na makakarating ang mga ito sa transplant center kapag kailangan mo na ang mga ito.



SA BAWAT HAKBANG, NARITO KAMI UPANG TUMULONG

MATUTO SA: BeTheMatch.org/patient

MAG-ORDER SA: BeTheMatch.org/request

MAG-EMAIL SA: patientinfo@nmdp.org

TUMAWAG SA: **1 (888) 999-6743**

Kung mula ang iyong mga selyula sa isang miyembro ng pamilya, maaari siyang mag-donate sa parehong ospital kung saan ka nakakatanggap ng transplant. Kung sa malayong lugar nakatira ang miyembro ng iyong pamilya, maaaring ihatid ng courier ang iyong mga selyula. Kung tatanggap ka ng mga selyula mula sa blood unit ng cord, ipapadala ang mga selyula mula sa blood bank ng cord patungo sa iyong transplant center na nakalagay sa isang espesyal na lalagyan.

Karaniwan, nasa 1 hanggang 2 bag ang ipapadalang mga selyula mula sa iyong donor. Hindi isang operasyon ang isang transplant. Inilalagay ang mga malusog na selyula mula sa iyong donor patungo sa iyong katawan tulad ng pagsasalin ng dugo gamit ang iyong central catheter.

MGA DAPAT ITANONG SA IYONG DOKTOR

Habang naghahanda ka para sa iyong allogeneic na transplant, maaaring gustuhin mong itanong sa iyong doktor ng sumusunod:

- Sino sa mga miyembro ng pamilya ang mga pinakaposibleng donor?
- Kung ang aking donor ay isang miyembro ng pamilya, ano ang kakailanganin niyang gawin?
- Kung wala akong katugmang donor sa aking pamilya, ikaw ba ang maghahanap para sa isang nasa husong gulang na donor o blood unit ng cord?
- Kung walang makitang katugmang donor o blood unit ng cord, ano ang aking mga opsyon?
- Gaano kadalas ako makakatanggap ng mga update tungkol sa paghahanap ng aking donor? Sino ang dapat kong tawagan kung mayroon akong mga tanong tungkol sa paghahanap ng aking donor?
- Ang isang hindi buong katugma o haploidentical (kalahating katugma) na donor ba ay opsyon para sa akin?



Natatangi ang medikal na kalagayan, karanasan sa transplant at pagpapagaling ng bawat indibidwal. Dapat mong konsultahin palagi ang sarili mong pangkat sa transplant o doktor ng pamilya tungkol sa iyong kalagayan. Ang impormasyong ito ay hindi naglalayon, at hindi dapat na pumalit sa medikal na pasya o payo ng doktor.